

**COMMUNITY MEDICAL CENTERS
(MGA SENTRONG PANGMEDIKAL NG KOMUNIDAD)**

Mahalagang Impormasyon sa Paniningil para sa mga Pasyente

Ang Community Medical Centers (CMC) ay may mahabang kasaysayan ng pagbibigay na pabalik sa komunidad. Ang aming pangako ay sumasalamin sa aming bukas-palad na mga patakaran sa pampinansiyal na tulong para sa mga pasyente na nangangailangan ng pangangalaga sa ating mga ospital. Ang handout na ito ay naglalaman ng mahalagang impormasyon upang tulungan ang aming mga pasyente na maunawaan ang aming proseso ng pagsingil, mga opsyon sa pagbabayad, at mga programa ng pampinansiyal na tulong. Ang pampederal at pang-estadong batas ay nag-aatas sa mga ospital na magbigay ng may diskuwento o libreng medikal na pangangalaga sa mga pasyenteng hindi nakaseguro at kulang sa seguro na may mataas na mga medikal na gastos. Ang mga indibidwal na nag-aplay at naging kuwalipikado para sa pampinansiyal na tulong ay maaaring hindi singilin para sa pang-emerhensiya o ibang pangmedikal na kinakailangang pangangalaga nang higit sa mga halaga na karaniwang isinisingil sa mga indibidwal na may mga segurong sumasaklaw sa gayong pangangalaga. Ang impormasyong ito ay naaangkop lamang sa mga singil ng ospital, at hindi naaangkop sa mga singil na natanggap mo mula sa mga manggagamot, mga anestesista, mga pangklinikang propesyunal, mga kompanya ng ambulansiya, o ibang mga medikal na propesyunal na maaaring nagbigay ng medikal na panggagamot sa Community Medical Centers (CMC).

Pampinansiyal na Tulong (Kawangawang Pangangalaga): Ang mga pasyenteng may mababang kita na hindi nakaseguro at kulang sa seguro na may mataas na mga pangmedikal na gastos ay maaaring maging karapat-dapat para sa libreng medikal na pangangalaga. Ang pagiging karapat-dapat ay batay sa pampamilyang kita at laki ng pamilya. Lahat ng mga potensiyal na panggagalingang tagapagbayad ay dapat na maubos bago ang pasyente ay maging karapat-dapat para sa libreng pangangalaga.

May Diskuwentong Pangangalaga: Kung ang pasyente ay hind maging kuwalipikado para sa libreng medikal na pangangalaga, ang pasyente ay maaari pa ring maging kuwalipikado para sa may diskuwentong pangangalaga. Ang pagiging karapat-dapat ay batay sa pampamilyang kita at laki ng pamilya. Ang mga manggagamot na nagbibigay ng mga pang-emerhensiyang serbisyo sa CMC ay kinakailangang magbigay ng mga diskuwento sa mga hindi nakaseguro o kulang sa segurong pasyente na may mga mataas na medikal na gastos, na nasa o nasa ibaba ng 350% na pederal na antas ng kahirapan. Ikaw ay makakatanggap ng hiwalay na singil para sa mga pang-emerhensiyang serbisyo ng manggagamot na natanggap sa CMC. Anumang mga tanong na mayroon ka tungkol sa singil ng iyong manggagamot ay dapat na idirekta sa opisina ng manggagamot.

Mga Patakaran at mga Aplikasyon ng Pampinansiyal na Tulong: Ang mga kopya ng mga Patakaran at mga pormularyo ng Aplikasyon ng Pampinansiyal na Tulong ng CMC para sa may diskuwento o libreng medikal na pangangalaga ay maaaring matagpuan sa www.communitymedical.org. Ang mga kopya ng mga Patakaran at mga pormularyo ng Aplikasyon ng Pampinansiyal na Tulong ng CMC ay makukuha rin sa aming mga pangunahing Admitting Department, sa mga sumusunod na lokasyon: Community Regional Medical Center – 2823 Fresno Street, Fresno, CA 93721; Clovis Community Medical Center – 2755 Herndon Avenue, Clovis, CA 93611; at Fresno Heart and Surgical Hospital – 15 E. Audubon Drive, Fresno, CA 93720. Upang makatanggap ng isang libreng kopya ng mga Patakaran ng Pampinansiyal na Tulong at pormularyo ng Aplikasyon sa pamamagitan ng koreo, mangyaring humiling ng isa sa pamamagitan ng

pagtawag sa Admitting sa (559) 459-2998. Ang mga salin ng mga Patakaran ng Pampinansiyal na Tulong at mga Pormularyo ng Aplikasyon ay makukuha sa Espanyol, Hmong, Punjabi, Laotian, Tagalog, Mon-Khmer/Cambodian, Armenian, Arabic, Tsino, Vietnamese, Aleman, Korean, Hapones, Ruso, Hindi, Portuges, Persian, at Mandarin.

Tulong sa Pag-aaplay: Ang mga Admitting Department ng CMC (nakalista sa itaas) ay naroon upang tulungan ka sa iyong proseso ng aplikasyon. Hihilingin sa iyo na punan ang pormularyo ng Aplikasyon at magbigay ng dokumentasyon ng iyong pampamilyang kita. Ang mga pasyente ay dapat ihulog ang mga Aplikasyon para sa Pampinansiyal na Tulong sa: Community Medical Centers, Patient Financial Services Department, P.O. Box 1232, Fresno, CA 93715, Attn: Financial Assistance Application. Pagkatapos na isumite ang iyong aplikasyon at dokumentasyon, ikaw ay kokontakin tungkol sa iyong pagiging karapat-dapat. Kung sa iyong palagay ikaw ay maaaring maging karapat-dapat para sa may diskuwento o libreng medikal na pangangalaga, mangyaring kontakin ang Admitting sa (559) 459-2998 para sa karagdagang impormasyon.

Mga Karapat-dapat na Serbisyo: Ang mga karapat-dapat na pasyente ay makakatanggap ng may diskuwento o libreng medikal na pangangalaga para sa pang-emerhensiya at pangmedikal na kinakailangang mga serbisyo na ibinibigay sa Community Medical Centers (CMC). Ang mga paninda at mga serbisyo na (1) hindi pangmedikal na kinakailangan upang gamutin ang isang pinsala o karamdaman, (2) magbigay unang-una para sa mga layunin ng elektbong kosmetiko, o (3) pang-eksperimentong mga paninda o mga serbisyo, kabilang ang iyong mga ibinibigay sa pasyente bilang bahagi ng isang pangklinikang pagsubok, programa ng pananaliksik, atbp., ay hindi karapat-dapat para sa may diskuwento o presyong pangkawanggawa.

Pagiging Karapat-dapat sa Programa ng Pamahalaan: Ikaw ay maaaring maging karapat-dapat para sa isang inisponsoran ng pamahalaan na programa ng benepisyong pangkalusugan. May naroroong kawani ang CMC upang tulungan ka sa iyong pag-aaplay para sa tulong ng pamahalaan upang mabayaran ang iyong bayarin sa ospital. Maaari kang makakuha ng tulong sa pag-aaplay para sa inisponsoran ng pamahalaan na mga benepisyong pangkalusugan sa pamamagitan ng pagkontak sa Admitting sa (559) 459-2998.

Mga Nakabitin na Aplikasyon: Kung ang pasyente ay nag-aplay o may isang nakabitin na aplikasyon para sa ibang programa ng saklaw para sa kalusugan sa panahon na sila ay nag-aaplay para sa kawanggawa o may diskuwentong pangangalaga sa CMC, kung magkagayon alinman sa aplikasyon ay hindi pipigil sa pagiging karapat-dapat para sa ibang programa.

Mga Opsyon sa Pagbabayad: Ang CMC ay may maraming mga opsyon sa pagbabayad na magagamit upang tulungan ka sa pagbabayad ng iyong bayarin sa ospital. Ang mga balanse sa kwenta ng pasyente ay nakatakdang bayaran sa pagkatanggap, gayon pa man maaari ding magamit ang mga plano ng pinahabang pagbabayad para sa mga pasyente na nag-aplay para sa pampinansiyal na tulong. Kung ang CMC at ang karapat-dapat na pasyente ay hindi nagkasundo sa isang naaangkop na halaga ng buwanang bayad, ang ospital ay gagamit ng pormula na inilarawan sa subdivision (i) ng Seksyon 127400 ng California Health and Safety Code, upang gumawa ng isang makatwirang plano ng pagbabayad.

Abiso para sa Pagkakaroon ng mga Pampinansiyal na Tantiya: Ikaw ay maaaring humiling ng isang nakasulat na pagtatantiya ng iyong pampinansiyal na pananagutan para sa mga serbisyo ng ospital. Ang kahilingan para sa mga pagtatantiya ay kailangang gawin sa loob ng mga oras ng trabaho. Ang tantiya ay magbibigay sa iyo ng kalkulasyon ng halaga na hihingiin ng ospital sa iyong bayaran para sa mga serbisyo

ng pangangalagang pangkalusugan, mga pamamaraan, at mga panustos na makatwirang inaasahan na ibigay ng ospital. Ang mga tantiya ay batay sa karaniwang haba ng pananatili at mga serbisyo na ibinigay para sa pagsusuri ng pasyente. Sila ay hindi mga pangako na magbigay ng mga serbisyo sa mga pirmihang halaga. Ang pampinansiyal na pananagutan ng pasyente ay maaaring maging mas higit o mas mababa kaysa sa tantiya batay sa mga serbisyong aktwal na tinatanggap ng pasyente.

Ang ospital ay maaaring magbigay ng mga pagtatantiya ng halaga ng mga serbisyo ng ospital lamang. Maaaring magkaroon ng karagdagang mga singil para sa mga serbisyo na ibinigay ng mga manggagamot sa panahon ng pananatili ng pasyente sa ospital, tulad ng mga singil mula sa mga personal na manggagamot, at alinmang anestesista, mga patologo, mga radiologist, mga kompanya ng ambulansiya o iba pang mga medikal na propesyunal na hindi mga empleyado ng ospital. Ang mga pasyente ay makakatanggap ng isang hiwalay na singil para sa mga serbisyong ito.

Kung mayroon kang anumang mga tanong tungkol sa mga nakasulat na pagtatantiya, paki kontak ang Patient Financial Services (Mga Serbisyong Pampinansiyal ng Pasyente) sa (559) 459-3939.